# Gusto naming marinig ang iyong saloobin!



Dumating na ang iyong pagkakataon na hubugin ang kinabukasan ng mga serbisyo ng Apple Health (Medicaid). Ang bagong buong Apple Health Advisory Council ay naghahanap ng mga taong tumatanggap ng mga serbisyo para sa kapansanang intelektuwal at sa pag-unlad (intellectual and developmental disability) o mga serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga (long-term care) mula sa estado. Ang iyong feedback ay makakatulong na mapabuti ang programa para sa halos 2 milyong residente ng Washington!



## Bakit ka dapat sumali sa Apple Health Advisory Council?

- Kabayaran: Binabayaran ang mga miyembro para sa kanilang oras ($57 kada oras hanggang $200 kada araw)
- Iparinig ang iyong boses: Direktang magbigay ng feedback para maging gabay sa mga programa, polisiya, at serbisyo.
- Maging bahagi ng pagbabago: Ibahagi ang iyong mga personal na karanasan sa mga serbisyo ng Medicaid at tiyaking mapapakinggan ka.

**Kasama sa saklaw ng Apple Health ang mga serbisyong nakabase sa bahay at komunidad (home and community-based services), kabilang ang personal na pangangalaga (personal care) at mga serbisyo sa tirahan (residential services), pati na rin ang pangunahing pangangalagang pangkalusugan (primary care) at mga pagbisita para sa emergency.**

Gaganapin online ang mga pulong at magsisimula ito ngayong taglagas. Ang tinatayang oras na ilalaan ay 2-3 oras kada buwan sa mga unang ilang buwan, at dagdag na 1-2 oras kada makalawang buwan (every other month). Maglilingkod ang mga miyembro sa konseho para sa isang taong termino. Maaaring humiling ng serbisyo ng interpreter.

## Paano ako makakapag-apply sa Apple Health Advisory Council?

I-email ang sumusunod na impormasyon sa Apple Health Communications sa HCAMPDBusOps@hca.wa.gov:

- Ang iyong pangalan
- Client ID (ang ID mo bilang kliyente) o Provider One ID number (kung alam mo ito)
- Numero ng telepono
- Email
- Pinakamainam na oras para makontak ka

DSHS WASHINGTON STATE Department of Social and Health Services

Washington Apple Health

DSHS 22-2115 TA (7/25) Tagalog